

Espesval na Isvu Marso 12, 2006 www.philippinerevolution.org

## Paglutas sa ilang usapin sa malawak na nagkakaisang prente at kilusang masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Ni Prof. Jose Maria Sison Chief Political Consultant

National Democratic Front of the Philippines

nteresanteng bigyang-pansin ang ilang usapin sa malawak na nag-BAGSAK ANG REHIMENT kakaisang prente at kilusang masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo at sikaping lutasin ang mga ito. Batid na batid na ng publiko

ang mga problemang ito. Karaniwan nang tanong kung bakit hindi mabilis na mapatalsik si Arroyo sa ligal at di marahas na

paraan.

Ang usapin ng pagtitiyak na ma-• papatalsik si Arroyo sa ligal at di marahas na paraan sa harap ng kanyang determinasyong gumamit ng karahasan laban sa mamamayan at mga upisyal ng militar at pulisya na tutol sa kanyang pagkakaluklok bilang presidente bunga ng pandara-

Solusyon: Walang ibang paraan para matiyak ang ligal at di marahas na pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo kundi ang pagtitipon ng malawak na nagkakaisang prente ng

**⊤**nilalabas natin ang espesyal na **⊥**isyung ito ng *Ang Bayan* na naglalaman ng dalawang pahayag ni Jose Maria Sison at isang panayam sa kanya ng isang mamamahayag. Si Kasamang Jose Maria Sison ay tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng PKP noong 1968 at kasalukuyang Chief Political Adviser ng National Democratic Front (NDF). Pumapatungkol ang mga ito sa kasalukuyang sitwasyong pampulitika, sa partikular sa patuloy na tumitinding pasistang atake ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan; at sa mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa rehimeng Arroyo. Inihahapag din ni Kasamang Sison ang kanyang mga pananaw tung-

kol sa lumalakas na agos ng patriyotismo sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ang pagharap dito ng mga rebolusyonaryong pwersa. Inilalathala ang mga pahayag na ito sa layuning mapatalas ang pagsusuri sa kasalukuyang sitwasyon at makatulong sa pagpaplano ng mga pagkilos sa mga darating na panahon.

mga patriyotiko, progresibo at pwersang anti-Arroyo (mga koalisyon, partido pulitikal at organisasyong masa) ng organisadong lakas nito at pagpapakilos sa malawak na masa ng sambayanan para igiit ang kanilang kapasyahan, gamitin ang kanilang demokratikong mga karapatan at hikayatin ang militar at mga pwersa ng reaksyunaryong gubyerno na pumanig sa mamamayan at mag-urong ng suporta sa rehimen.

Mayaman na ang karanasan ng mamamayang Pilipino sa pangingibabaw sa karahasang iniumang ng mga nagdaang rehimen nina Marcos at Estrada sa pamamagitan ng paggamit sa patakaran ng malawak na nagkakaisang prente, na bukas sa paglahok ng mga upisyal at tauhang sibilyan at militar ng reaksyunaryong gubyerno sa kilusan para patalsikin ang naghaharing pangkatin.

Malaon nang kinamumuhian ng malawak na masa ng sambayanan ang rehimeng Arroyo dahil sa pandaraya sa eleksyon, korapsyon, pangangayupapa sa dayuhang interes, matinding pagsasamantala at laganap na paglabag sa karapatang-tao. Di hamak na mas nahihiwalay at mahina ang rehimeng Arroyo kumpara sa pasistang rehimeng Marcos noong 1983-86 o sa rehimeng Estrada noong 1999-2001.

Nagkamali itong ipataw ang pasistang Presidential Proclamation 1017 sa mamamayan at bantaan sila ng pasistang diktadura sa gitna ng bangkaroteng kalagayan ng ekonomya, pulitika at moralidad. Gayunman, naniniwala itong makukuha nito ang suporta ng US para sa pinag-iibayong paggamit nito ng karahasan at pagpapanatili ng sarili sa poder kapalit ng pagbabago ng konstitusyon alinsunod sa antinasyunal at anti-demokratikong mga dikta ng imperyalismong US.



Napakadaling sumiklab ng sitwasyong pampulitika. Ang kinakailangan na lamang ay gawin ng mga organisadong pwersa ng malawak na nagkakaisang prente ang lahat ng makakaya para tipunin ang kanilang lakas at pakilusin ang mamamayan para iqiit ang kanilang karapatang magpahayag at magtipon at kumilos para patalsikin ang rehimen. Napakainam ng mga obhetibong kundisyon para patalsikin ang rehimen. Kailangan na lamang magpalakas ang mga suhetibong pwersa at pakilusin ang milyunmilyong mamamayan sa buong bansa.

Hinggil sa problema ng iba't ibang plataporma o programa ng iba't ibang koalisyon, partido pulitikal at organisasyong masa sa malawak na nagkakaisang prente.

**Solusyon:** Maaaring magkaisa ang iba't ibang pwersa sa malawak na nagkakaisang prente sa isang maikli at isang-pahinang plataporma o programang maglalaman ng pinakamahahalagang batayang puntong pwede nilang mapagkaisahan. Maaaring lamnin ng platapor-

ma o programa ang sumusunod na mga punto:

- **a.** Palitan ang di lehitimo at imoral na rehimeng Arroyo dahil sa pandaraya nito sa eleksyon, pandarambong, pagtataksil sa bayan, paglabag sa karapatang-tao at iba pang mabibigat na krimen laban sa mamamayan.
- **b.** Itaguyod ang kataas-taasang kapangyarihang sibilyan at mga kalayaang sibil at pagpapawalambisa sa Presidential Proclamation 1017 at lahat ng mapangaping bunga nito.
- **c.** Ipagtanggol ang pambansang soberanya at kasarinlan at protektahan ang pambansang patrimonya.
- **d.** Magpatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at lumikha ng empleyo at kabuhayan para sa mamamayan.
- **e.** Magtaguyod ng patriyotiko, demokratiko at syentipikong kultura sa hanay ng kabataan at buong bayan.
- **f.** Magpatupad ng independyenteng patakarang panlabas para sa kapayapaan at kaunlaran at

magpaunlad ng pinakamalapit na relasyon sa mga kalapit na bansa.

- **g.** Ituloy ang negosasyong pangkapayapaan sa NDFP at MILF at kamtin ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagresolba sa mga ugat ng armadong tunggalian.
- **h.** Magbalangkas ng bagong demokratikong konstitusyon at magdaos ng eleksyon sa loob ng isang taon matapos mapatalsik ang rehimeng Arroyo.

Tungkol sa problema ng kawalan ng iisang lider na papalit kay Arroyo at ang kaugnay na problema ng pagbubuo ng mga angkop na pormasyon kung saan mapalalahok ang mga kinatawan ng lahat ng mayor na pwersa (mga koalisyon, partido pulitikal at organisasyong masa) na signipikanteng nag-ambag sa kilusan para patalsikin si Arroyo.

Solusyon: Hindi naman talaga problema ang kawalan ng iisang lider para pumalit kay Arroyo. Ang mahalaga ay ang pagkakaroon ng maikling programang mapagkakaisahan at pagkakaroon din ng mga pormasyon na kalauna'y magagamit sa pagpili ng prinsipal na lider sa hanay ng napakaraming mga lider. Maaaring buuin ang sumusunod na mga pormasyon:

- a. Ang Transition Council (maaaring gumamit ng anumang katulad na pangalan na magpapahiwatig sa rebolusyonaryo, patriyotiko o demokratikong katangian) ang pinakamataas na pormasyong maaaring magbalangkas ng mga patakaran at ihahalal nito ang Komiteng Tagapagpaganap, Kabibilangan ito ng mga kinatawan ng lahat ng mayor na koalisyon, partido pulitikal, organisasyong masa at grupo ng mga retiradong upisyal ng militar at pulisya. Maaaring umabot sa 100 hanggang 200 ang bilang ng mga myembro nito.
  - **b.** Ipatutupad ng Komiteng

Tagapagpaganap ang mga patakaran at tungkuling pinagpasyahan ng Transition Council. Pangangasiwaan nito ang gawain ng iba't ibang mga subkomiteng nakatuon sa ilang takdang tungkulin, kabilang ang pagbubuo ng programa, reorganisasyon ng gubyerno at iba pa. Ito ang probisyunal na gabinete. Maaari itong magkaroon ng 15-30 myembro.

- **c.** Roundtable Council of Advisors na kabibilangan ng mga dating presidente at iba pang nakatatandang personahe.
- **d.** Unified Command na kabibilangan ng mga kinatawan ng mga mayor na grupo ng mga retirado at aktibong upisyal militar at pulisya. Maaari itong lumantad nang husto matapos mapatalsik ang rehimeng Arroyo.
- Anu-ano ang bunga ng pagta-gal ng pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo, partikular kung ang katagalan ay dahil sa paggamit ng rehimen ng karahasang panansala laban sa mamamayan, partido sa oposisyon, organisasyong masa at pati sa mga upisyal ng militar at pulisya na pinagsususpetsahang laban sa rehimen?
- a. Maaaring sa kalaunan, ang mga anti-Arroyong upisyal ng militar at pulisya ay gagamit ng panansalang pwersa para patalsikin ang rehimen (kasabay ng lumalaking mga protestang masa ang paggigiit na patalsikin ang rehimen), unang-una na dahil gumagamit ng karahasan

Arroyo para panatilihin ang sarili sa poder.

ang rehimeng LW

**b.** Lalalim at lulubha pa ang krisis ng naghaharing sistema. Lalong tumitingkad ang posibilidad ng rebolusyonaryong pagbabago habang nangngangalit ang mala-

wak na masa ng sambayanan sa matagalang paghahari ng terorismo at kasibaan at iginigiit nila ang rebolusyonaryong pagbabago. Patuloy na yayabong ang armadong rebolusyonaryong kilusan at magkakamit ng mga tagumpay sa pulitika at militar sa kanayunan.

c. Abala ang rehimen sa pagsisikap na tumagal sa pambansang kabisera. Pinapapasok nito ang mga pwersang militar at pulisya para gwardyahan ang rehimen at mga pasilidad nito sa mga lunsod at mga pangunahing linya ng transportasyon at komunikasyon. Kaya napaninipis ng rehimen ang mga pwersa nito sa kanayunan. Sa

ganitong kalagayan, higit na makapag-iinisyatiba ang hukbong
bayan sa paglulunsad ng
mga taktikal na
opensiba at
gayo'y higit na
lalakas at susulong.

Matapos ma-**5** • patalsik ang rehimeng Arrovo, hindi kaya manqibabaw ang pro-US na Kanan sa bagong rehimen at, kasama ang mga pseudo-progresibong tagasunod nila ay magsikap silang ipwera sa gubverno ang mga patriyotiko at progresi-

bong ligal na pwersa at itanggi ang papel ng pambansa-demokratikong kilusan sa pagpapatalsik kay Arroyo, tulad ng ginawa sa dating pagpapatalsik kina Marcos at Estrada?

Malaki ang posibilidad na ang pro-US na Kanan ay mangibabaw pa rin at umupa ng mga pseudoprogresibo para patuloy na siraan ang pambansa-demokratikong kilusan. Ito'y dahil buo pa rin ang makinaryang burukratiko at militar ng reaksyunaryong gubyerno sa kabila ng pagpapatalsik sa ultra-Kanan at pasistang naghaharing pangkating Arroyo at sa kabila rin ng paglitaw ng progresibong kilusan sa hanay ng mga tauhang sibilyan at militar ng reaksyunaryong gubyerno. Gayunman, dapat nating kilanlin ang paglitaw ng mga bagong kalagayan sa patuloy na nahihinog na sitwasyon.

Ang matagalang krisis ng naghaharing sistema ay umabot na sa punto na ang mga anti-Arroyong pwersa sa loob ng sistema, kapwa sibilyan at militar, ay dapat makipagtulungan nang mas lantaran kaysa dati sa pambansa-demokratikong kilusan para patalsikin ang rehimeng Arroyo at makipag-ugnayan sa mga ligal, patriyotiko at progresibong pwersa sa isang bagong gubyerno kung ang layunin nila ay magkaroon ng relatibong katatagan sa maikling panahon man lamang.

Ang proseso ng pagpapatalsik sa ultra-Kanan at pasistang rehimeng Arroyo ay nakapagpapalakas kapwa sa ligal at rebolusyonaryong pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan. Kaalinsabay, hayag na nagpakita ng interes ang mga

rebolusyonaryong pwersa sa pakikipagnegosasyon sa gubyernong hahalili sa rehimeng Arroyo para sa makatarungan at matagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglutas sa mga ugat ng armadong labanan.

Subalit kung pipiliin ng bagong gubyerno sa ilalim ng bagong naghaharing pangkatin na ibayo pang isulong ang armadong kontra-rebolusyon, malinaw ang kahandaan ng mga rebolusyonaryong pwersa ng sambayanan na isulong ang armadong rebolusyon laban sa naghaharing sistema na napakabatbat ng krisis at malinaw nang naaagnas.

# Patuloy ang paghahari ng lagim sa kabila ng pagbawi sa Proklamasyon 1017

Pahayag ni Prof. Jose Ma. Sison Marso 4, 2006

Binawi ni Gloria M. Arroyo ang Proklamasyon Blg. 1017 sa malinaw na tangkang mabalewala ang mga reklamong isinampa sa Korte Suprema ng reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas laban sa pagsupil ng kanyang rehimen sa mga demokratikong karapatan at paggamit ng

kapangyarihan sa batas militar na di sumusunod sa mga itinatakda ng konstitusyon katulad ng pag-uulat sa Kongreso at pagkuha ng pagsang-ayon nito.

Mapanlinlang na tinawag ang Proclamation Blg. 1017 na deklarasyon ng "state of national emergency" subalit ang kinakailangang bahagi nito ay kopyang-kopya sa Proklamasyon Blg. 1081 ni Marcos na nagdeklara ng batas militar. Sa pamamagitan ng proklamasyong ito, inangkin ni Arroyo ang mga ka-

pangyarihan ng batas militar.

> Kabilang dito ang kapangyarihang magpalabas ng mga dekreto at kautusan, ipag-utos ang pag

aresto na walang mandamyento mula sa korte, supilin ang kalayaang mamahayag at magtipon, buwagin ang mga rali at welga, kontrolin ang mga utilidad pampubliko, ang masmidya at iba pang negosyo na sinasabing nakasalalay ang "interes ng publiko" at iba pa, na nakasangkalan sa pagsupil sa karahasan, rebelyon at insureksyon.

Mismong si Arroyo at kanyang mga punong upisyal sa gabinete at sa pulis at militar ang nag-anunsyo na maaari siyang paulit-ulit na maglabas ng proklamasyon na may malupit na nilalaman katulad ng Proklamasyon 1017. Ipinagmamayabang din niya na, mayroon o walang proklamasyon, maaari nilang isakatuparan ang mga mapaniil na hakbangin laban sa bayan at sa malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko, progresibo at iba pang pwersang lumalaban sa rehimeng Arroyo.

Nakatindig ang Proklamasyon

Blg. 1017 sa malaking kasinungalingang mayroong sabwatang maglunsad ng kudeta ang mga "komunista" at "adbenturistang militar" at nabigo ang tangkang kudeta noong Pebrero 24. Ang totoo, ginamit ng rehimen ang proklamasyon upang sansalain at buwagin ang mga aksyong masa para ipagdiwang ang ika-20 anibersaryo ng pagbagsak ng pasistang diktadurang Marcos.

Nangangamba ang rehimen na tatalikuran ito ng militar at pulis katulad ng ginawa nila noong Edsa 1 at Edsa 2 kung hinayaan nitong lumawak ang pagtitipon ng mamamayan noong Pebrero 24. Walang anumang tinangkang kudeta ang anumang grupo ng mga upisyal militar o pulis. Ang naghaharing pangkating Arroyo ang siyang nagsagawa ng kudeta sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga kapangyarihan ng batas militar at paglabag sa mga itinatakda ng konstitusyon ukol sa pagpapatibay at superbisyon niyon ng kongreso at ukol sa pangangailangan ng mga mandamyento para sa pag-aaresto at paghahalughog.

Nilulustay ni Arroyo ang kabang-bayan sa paglulunsad ng

isang kampanyang pampropaganda upang palabasing isang "sabwatan" ng mga komunista at upisyal militar ng reaksyunaryong gubyerno

ang konsensus

at aktibong pagsisikap ng lahat ng pwersang anti-Arroyo sa malawak na nagkakaisang prente na hikayatin ang mga militar at pulis na talikuran ang rehimen hindi para magkudeta para sa sarili na labag sa prinsipyo ng pamumunong sibilyan.

Si Arrovo at mga pangunahin niyang kasabwat ay responsable sa paggawa ng kwento ukol sa sabwatang magkudeta at tangkang kudeta, sa pagbuo at pagsasakatuparan ng Proklamasyong 1017 at sa paglabag sa mga demokratikong karapatan ng mga biktima ng proklamasyon, kabilang ang mga ralivistang brutal na inatake at yaong inaresto na walang mandamyento, ang anim na kongresistang dumaranas ng labis-labis na harasment, ilang pahayagang nireyd at hinalughog upang sindakin ang masmidya, lahat ng sinampahan ng gawa-gawang kasong rebelyon, kudeta at iba pa.

Magpapatuloy si Arroyo sa paglalabas ng mga proklamasyon, dekreto at mga kautusan para supilin ang mga demokratikong karapatan at siilin ang bayan sa pagtatangka nitong patagalin ang di lehitimo at imoral na paghahari at ipilit ang mapagtaksil na iskemang charterchange ng tambalang Arroyo-De Venecia. Layunin ng iskemang ito ang gawaran si Arroyo ng mga kapangyarihang diktador ala-Marcos at gumawa ng iba pang antinasyunal at anti-demokratikong pagbabago sa konstitusyon alinsunod sa mga pang-ekonomya at

pangmilitar na dikta ng US.
Pinipilit ni Arroyo na tahakin
ang duguang landas ng pasistang

estado. Bago pa man ang Proklamasyon 1017, labis-labis na ang mga paglabag sa karapatang-tao, laluna ang mga kampanya ng panunupil ng militar sa ilalim ng Bantay Laya laban sa masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka. Napakarami nang mga lider manggagawa at magsasaka, mga aktibistang kabataan at kababaihan, mga nagtatanggol sa karapatang-tao, mga pari at pastor, mamamahayag, abugado, mga upisyal at kasapi ng mga progresibong party-list ang dinukot, pinatay sa tortyur o binaril sa mga lugar pampubliko ng mga death squad ng rehimeng Arroyo.

Mula 2001 ay tahasang itinaquyod at pinuri ni Arroyo ang paghahari ng lagim at mabilis na inangat sa pusisyon ang mga upisyal ng militar at pulis na kilalang mga torturer at mamamatay-tao. Magpapatuloy and terorismo nd kanyand rehimen at lalo pa itong sisidhi, sa kabila ng pagbawi sa Proklamasyon 1017. Ito'y pinaplano at dinidirihe ng isang grupo sa gabinete na nakatuon sa "national security", na may suportang teknikal ng pangunahing mga upisyal sa iba't ibang mga ahensyang paniktik. Ang mga duquang krimen ng lumalaking pasistang diktadura ay nagtutulak sa maraming mamamayan na lumahok sa rebolusyonaryong kilusang lihim at isulong ang armadong rebolusyon, ayon sa mga rebolusyonaryong pahayagan.

Walang ibang masusulingan ang malawak na masa ng mamamayan at ang malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko, progresibo at iba pang pwersang anti-Arroyo kundi ang paigtingin pang lalo ang kanilang mga aksyong masa at hikayatin ang mga upisyal sibilyan, militar at pulis ng reaksyunaryong gubyerno na talikuran ang naghaharing pangkating Arroyo. Maaasahan nating titindi pa ang kilusang masa para patalsikin si Arroyo sa pambansang kabisera at sa buong bansa sa mga susunod na araw at linggo.

### Panayam kay Prof. Jose Ma. Sison

Ang sumusunod ay salin ng panayam ni Glenda Gloria, managing editor ng Newsbreak Magazine, kay Kasamang Jose Ma. Sison nitong Marso 6, 2006. Bahagya naming pinaikli ang mga tanong.

Iginigiit ng mga kakilala ko sa 1 •kilusan ng mga rebeldeng sundalo na nagdaos ang mga nakatatandang lider ng RAM ng mga "panimulang pakikipag-usap" sa mga kagawad ng Komite Sentral ng PKP pangunahin hinggil sa usapin kung paano makapagtatayo ng mas mabuting sistemang pampulitika kapag napatalsik si GMA. ...hindi ba magiging taliwas sa estratehiya at taktika ng PKP ang gayong mga pakikipag-usap? Salungat ba ang PKP sa anumang pakikipag-alyansa, taktikal man o hindi, sa mga itinuturing nitong "progresibong" myembro ng Armed Forces...?

JMS: Sa pananaw ko, hindi taliwas sa mga prinsipyo, estratehiya at taktika ng rebolusyon kung makipag-usap ang PKP sa anumang grupo ng mga retirado at/o aktibong upisyal militar na nagnanais makipagtulungan sa malawak na nagkakaisang prente at kilusang masa sa pagpapabagsak sa rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng pag-uurong ng suportang militar sa rehimen ala-EDSA 1 at 2 at hindi sa pamamagitan ng kudetang militar upang magluklok ng diktador o huntang militar.

Mas mabuti kung ang gayong grupo ng mga retirado at/o aktibong upisyal militar ay interesado ring suportahan ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP ng pamahalaang papalit sa rehimeng Arroyo o anumang kaayusang magsisikap harapin ang mga ugat ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng mga makabuluhang kasunduan sa mga signipikanteng repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika alinsunod sa The Hague Joint Declaration at tatali-

kod sa bigong patakaran ng rehimeng Arroyo na nagsisikap gawing negosasyon sa pagpapasuko ang usapang pangkapayapaan gamit ang tinaguriang listahan ng mga terorista ng US at European Union gayundin ang madudugong hakbanging mapanupil laban sa mga ligal na demokratikong pwersa para presyurin ang NDFP.

Anu't anuman, ang usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP na umiiral mula pa noong dekada 1990 ay tanda ng prinsipyadong batayang pulitikal at moral ng PKP para sa posibleng pakikipag-usap sa anumang grupo ng mga retirado at/o aktibong upisyal militar. Batay diyan, walang masama kung makipag-usap ang PKP sa mga nakatatandang pinuno ng RAM, Makabayang Kawal Pilipino, YOU-YOUng, sa grupong CNS ni General Abat o sa YES-ARMS ni Commodore Aparri.

Ang banat ngayon ng rehimeng Arroyo ay "nakikiapid sa kaaway" ang Katipunan ng mga Anak ng Bayan at ang MKP sa umano'y pakikipag-usap sa mga komunista. Kung tutuusin, sampal ito ni Arrovo sa sarili dahil siya mismo ay nakipag-usap sa mga komunista sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan. Pero wala pa siyang sinasabing nakiapid siya sa mga komunista. Sa katunayan, nagtatangka siyang manulsol ng isteryang anti-komunista sa loob ng AFP at PNP. Isa pa itong balakid sa pagpapatuloy ng pormal na usapan sa negosasyong pangkapayapaan.

**2.** Wala bang kontradiksyon sa pakikipag-usap ng mga komunista sa mga rebeldeng sundalo? Ano't sukat sumagi sa isip ng PKP ang makipag-usap sa kanila? Nasa magkabilang dulo kayo ng tunggalian. Paano kayo magkakasundo?

JMS: Syempre, may kontradiksyon. Makatwirang masasabi na sa ilang batayan, ang PKP ay hindi dapat makipaq-usap sa qayong mga grupo. Nariyan ang matingkad na pagkakaiba sa ideolohiya at ang sinasabing pagkamuhi sa isa't isa ng PKP at ng gayong mga grupo. Ngunit may mga pagbabago sa kalagayang nagtutulak o nagbibigaydaan sa ilang pagbabago sa patakaran o mga kasunduang pampulitikang dati-rati'y imposible. Sa pulitika, kaqaya sa physics, ang magkasalungat ay naaakit sa isa't isa, nasa kasaqsaqan man sila ng labanan o nagkakasundo sa ilang puntong kapakipakinabang sa mamamayan.

Ligalig ngayon ang hanay ng AFP at PNP. Tiyak, may mga upisyal na maka-Arroyo at anti-Arroyo na maka-US at reaksyunaryo rin. Ngunit sa kauna-unahang pagkakataon, may mga signipikante nang grupo ngayon ng mga patriyotiko at progresibong upisyal militar na bumabatikos sa imperyalismong US at pagkatuta ng GRP at naghahangad ng programang lulutas sa mga ugat ng armadong tunggalian, salamat sa mahuhusay na halimbawa nina yumaong Lt. Crispin Tagamolila at Capt. Rene Jarque.

Kalakhan ng mga karaniwang sundalo at pulis ay nirerekrut ng AFP at PNP sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang maralita. Hindi na sila nasisiyahan sa katiwalian ng rehimen at mga loyalistang upisyal nito at sa abang kalagayan ng kanilang mga pamilya at yunit sa larangan. Dapat mong tandaan na ang unang Pulang Hukbo ay nagmula sa hukbo

ng Czar sa Russia. Si Chu Teh (Zhu De), hepe ng People's Liberation Army ng China, ay dating upisyal ng northern warlords. May iba pang halimbawa ng mga upisyal ng reaksyunaryong militar tulad nina Col. Jacobo Arbenz Guzman ng Guatemala, Maj. Luis Carlos Prestes ng Brazil at Hugo Chavez ng Venezuela na naging patriyotiko at progresibo.

Si Chiang Kai-shek ay nangma-saker ng 300,000 komunista at iba pang mamamayan sa Shanghai noong dekada 1920. Ngunit nang sakupin ng Japan ang China noong dekada 1930, nagbuklod sa isang prente ang mga komunistang Tsino at ang Guomindang laban sa mga pwersang Hapones. Isinaalang-alang ng mga komunistang Tsino ang nagingibabaw na interes ng bansa at sambayanang Tsino sa nagkakaisang prente laban sa imperyalismong Hapones.

Si Fidel V. Ramos, bilang punong heneral ng Philippine Constabulary, ay isa sa pinakakilalang mga berdugo ng pasistang rehimeng Marcos sa loob ng mahabang panahon. Ngunit nang talikuran niya si Marcos, kinilala siya ng PKP bilang bahagi ng EDSA 1. Si Gen. Raymundo Jarque ay tinanggap ng NDFP nang labanan na niya ang naghaharing sistema. Maraming upisyal at tauhan ang nagbitiw sa AFP upang mamuhay bilang mga produktibong sibilyan o umanib sa hukbong bayan.

Posible, kailangan at nararapat makipag-usap ang PKP sa mga

anti-Arroyong grupong militar sa minimum na batayang pagsikapan ang pagpapatalsik kay Arroyo sa pamamagitan ng pag-aalsang bayan kasabay ng pag-uurong ng suportang militar, alinsunod sa prinsipyo ng soberanyang bayan at kataas-taasang kapangyarihang sibilyan, na hindi aabot sa isang kudetang militar; at sa maksimum ay magtulungan sa mga batayang patriyotiko at progresibo sa proseso ng kilusan para patalsikin si Arroyo at sa kagyat na hinaharap. Gayunman, sa palagay ko ay mas madali para sa PKP na makipagusap sa mga retirado at aktibong upisyal militar na patriyotiko at progresibo at tunay na tutol sa pagkatuta, katiwalian, dayaan sa eleksyon at mga paglabag sa karapatang-tao.

Naaalala ko na ang ABB—sina Popoy at Nilo—ay nakipagusap sa Young Officers Union noong dekada 1990. Aprubado ba iyon ng Partido? Kung hindi, bakit? Ano ang layunin ng mga pag-uusap na iyon, anu-ano ang nakamit doon? Anu-ano ang mga aral na nahalaw sa panahong iyon?

JMS: Wala akong alam na mga usapang awtorisado ng PKP sa pagitan ng ABB at YOU noong dekada 1990. Ang tandang-tanda ko ay sumuko si Popoy Lagman sa rehimeng Ramos sa pamamagitan ng ilang upisyal ng Philippine Navy noong 1994. Si Nilo dela Cruz naman ay nabitag sa lambat paniktik ng ISAFP dahil ipinagkanulo siya ni

Arturo Tabara. Gayunman, mukhang hindi pa ito napagtatanto ni Nilo.

Naniniwala ako na noong magkasama sa kulungan ang mga upisyal ng RAM at YOU at mga pinaghihinalaang komunista sa loob ng dalawang taon noong dekada 1990, nagkaroon sila sapat na pagkakataon para magpalitan ng ideya at pananaw sa mga saligang problema ng bansa at mga posibleng solusyon alinsunod sa pakikibaka ng bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Mula pa noong 1968 nang ako ay tagapangulo ng Komite Sentral ng PKP, laging pinagtutuunan ng pansin ng PKP ang lihim na gawain sa reaksyunaryong hukbo bilang mayor na tungkulin. Ang mga panimulang elementong gumanap sa tungkuling ito ay nirekrut ng PKP mula sa isang dating yunit gerilya ng USAFFE na nakipagtulungan sa Hukbalahap noong World War II gayundin mula sa Philippine Military Academy at mga upisyal ng ROTC ng UP Vanquard.

Inilunsad noong 1970 ang Crispin Tagamolila Movement upang lalong hikayatin ang mga upisyal at tauhan ng AFP na pumanig sa mamamayan at sa kanilang rebolusyon. Anuman ang ranggo ng mga tauhang militar na nabibihag ng BHB ay tinatrato nang magaan bilang pagtalima sa Geneva Conventions at upang patunayan sa kanila na malugod silang tatanggapin kung nais nilang pumanig sa mamamayan.

Espesval na Isvu Marso 12, 2006 www.philippinerevolution.org

## Paglutas sa ilang usapin sa malawak na nagkakaisang prente at kilusang masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo

Ni Prof. Jose Maria Sison Chief Political Consultant National Democratic Front of the Philippines

nteresanteng bigyang-pansin ang ilang usapin sa malawak na nag-BAGSAK ANG REHIMENT kakaisang prente at kilusang masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo at sikaping lutasin ang mga ito. Batid na batid na ng publiko

ang mga problemang ito. Karaniwan nang tanong kung bakit hindi mabilis na mapatalsik si Arroyo sa ligal at di marahas na

paraan.

Ang usapin ng pagtitiyak na ma-• papatalsik si Arroyo sa ligal at di marahas na paraan sa harap ng kanyang determinasyong gumamit ng karahasan laban sa mamamayan at mga upisyal ng militar at pulisya na tutol sa kanyang pagkakaluklok bilang presidente bunga ng pandara-

Solusyon: Walang ibang paraan para matiyak ang ligal at di marahas na pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo kundi ang pagtitipon ng malawak na nagkakaisang prente ng

**⊤**nilalabas natin ang espesyal na **⊥**isyung ito ng *Ang Bayan* na naglalaman ng dalawang pahayag ni Jose Maria Sison at isang panayam sa kanya ng isang mamamahayag. Si Kasamang Jose Maria Sison ay tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng PKP noong 1968 at kasalukuyang Chief Political Adviser ng National Democratic Front (NDF). Pumapatungkol ang mga ito sa kasalukuyang sitwasyong pampulitika, sa partikular sa patuloy na tumitinding pasistang atake ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan; at sa mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa rehimeng Arroyo. Inihahapag din ni Kasamang Sison ang kanyang mga pananaw tung-

kol sa lumalakas na agos ng patriyotismo sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ang pagharap dito ng mga rebolusyonaryong pwersa. Inilalathala ang mga pahayag na ito sa layuning mapatalas ang pagsusuri sa kasalukuyang sitwasyon at makatulong sa pagpaplano ng mga pagkilos sa mga darating na panahon.

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*